# ANG TAO SA LOOB NG ANINO

Efren R. Abueg

Nagpupunta na ako noong kalagitnaan ng 1968 sa matandang gusali ng Philippine College of Commerce (PCC) sa may Lepanto, Maynila (likod ng University of the East (UE) na paharap sa Far Eastern University (FEU)) at "nakikipaghuntahan" sa loob ng opisina ng pangulong Dr. Nemesio E. Prudente sa mga kapwa propesor mula sa iba-ibang pamantasan sa Kalakhang Maynila. Apat na taon na akong nagtuturo noon sa Manuel L. Quezon University (MLQU) sa R. Hidalgo sa Quiapo pagkaraang maging presidente ako ng ng popular noong Kapisanang Aklat, Diwa at Panitik (KADIPAN 1962-64), binigkis na editoryal ng mga seksiyong Pilipino sa mga kolehiyo at unibersidad sa Kalakhang Maynila. Lagi ako sa PCC dahil waring naghahanap ako ng progresibong unibersidad na mapagtuturuan tulad ng iba pang mga propesor na galing sa University of the Philippines (UP) ang karamihan. Nasa "ituktok" na noon ang aktibidad ng tinatawag na mga progresibo't makabayang organisasyon ng mga estudyante sa Maynila at sa mga karatig. Hindi ko pa alam noon na ang lagi naming kausap na si Dr. Prudente ay tubong-residente ng Rosario, Cavite—ang bayan ng mga Abueg. Siya rin ang kaswal na nagsabi sa akin na kamag-anak ko siya nang nagtuturo na ako sa PCC bilang part-time.

Natuklasan ko nang malaon ang sanhi kung bakit hindi ko nakatagpo noon si Cesario Y. Torres (lalong kilala bilang Ka Cesar at Ka Saryo). Nabilanggo pala siya at pinalaya lamang noong Enero 4, 1970 mula sa huling nilipatan niya (Camp Murphy na naging Fort Bonifacio malaon). Magiging estudyante siya sa PCC pagkalaya (1970) at propesor sa Polytechnic University of the Philippines (PUP) pagkaraan ng ilang taong pag-aaral. Nasa hayskul siya nang mabilanggo at kailangang makapagtapos sa kolehiyo bago makapagturo.

## Sino si Cesario Y. Torres?

Ngunit sino ba si Cesario Y. Torres? Bakit sinaliksik ko ang kaniyang buhay-pampanitikan/propesyonal? Maaari ko namang sulatin ang kabuuan ng buhay ni Amado V. Hernandez ng Maynila (na nakasama niya sa bilangguan) o kaya ang mga nobela ni Lazaro Francisco sa *Liwayway* magasin kaugnay ng paksang reporma sa lupa sa Gitnang Luzon? Kapwa Pambansang Alagad ng Sining

sa Panitikan (o National Artist) ang dalawa at litaw na litaw ang kanilang gampanin sa Panitikang Pilipino at sa Panitikang Pambansa.

Ipinanganak si Cesario Y. Torres noong Nobyembre 1, 1927 sa Cabiao, Nueva Ecija. Gaya ng maraming taganayon sa bayang iyon, ipinagdiriwang nila ang kapistahan ng mga pinipintakasing santo at santa at sinasaksihan sa liwasang-bayan ang moro-moro. Ang huli ang sinalihan ng ama ni Torres na umimpluwensiya sa kaniya para mahilig siya sa mga sining ng pagsulat tulad ng tula, kuwento, nobela, at dula.

Sa maagang edad, mga sampu o labing-isang taon noon si Ka Cesar, may kamalayan na siya sa karalitaan ng kaniyang mga magulang at ng kanilang mga kanayon. Nakikita niyang sanhi ng gayong karalitaan ang kawalan ng mga ito ng lupang mabubungkal para pagtamnan ng palay na pakikinabangan nila pagdating ng anihan. Kung bakit walang lupang sinasaka ang isang magbubukid na tulad ng kaniyang ama ang bugtong na alam sagutin ni Torres. Hindi ang mga taganayong nagbubungkal ng lupa ang nakikinabang pagsapit ng anihan kundi ang mga may-ari ng lupang sinasaka nila. Kung sino pa ang malayo sa pangangalaga sa mga uhay ng palay ang unang nakikinabang. Ito ang nagtulak sa kaniya na sumapi sa Young Pioneers, isang organisasyon ng mga kabataan na naging kabalikat ng matatandang magsasaka sa mga usaping agraryo.

Sa mga artikulo ni Propesor Renato Constantino ng UP sa mga pang-unibersidad na journal, tinalakay nito ang mataas na bilang ng pangungupahan ng lupa sa Gitnang Luzon, partikular sa Nueva Ecija, Bulakan at Pampanga bago magkadigma. Tulad din si Constantino ng nobelistang si Lazaro Francisco na nakapokus ang mga nobela sa relasyong may-ari ng lupang sakahan at ng mga magsasakang bumubungkal nito. Mayroon nang reporma sa lupa na isinasagawa hanggang sa ngayon, ngunit presyo ng palay na itinatanim at inaangkat sa Pilipinas ang pinoproblema ng mga magsasaka hanggang sa ngayon.

## Maagang Pagkamulat

Pagpapakita agad ng ideolohiya ang naging tugon ni Torres sa problemang agraryo sa kanilang lugar. Sa pagkabata pa lamang, nagsalaysay na siya tungkol sa pagkaakit niya sa mga banderang ipinipila ng mga magbubukid sa mga lansangan sa kanilang bayan ng Cabiao, Nueva Ecija. Lumilitaw na masigasig noon pa ang Kalipunang Pambansa ng mga Magbubukid sa Pilipinas (KPMP) pabor sa pagkilos ng mga kasapi nito para sa kapakanan ng mga magbubukid

na nagbubungkal ng mga sakahan o bukid na pag-aari ng iba. Malaon, ang kaisahang ito ng mga magbubukid sa Pilipinas ang nagmalasakit sa mga problema tungkol sa repormang agraryo sa lupa.

Ang manunulat at makatang si Rogelio Mangahas, naging propesor sa UE, ang nagsabing masyadong api ang kalagayan ng mga magbubukid sa Cabiao, Nueva Ecija. Ayon sa kaniya, dinanas ng angkan nila mismo ang buhay ng mga magsasakang walang sariling lupa. "Nagisnan ko nang may propitaryo (landlord) ang aking lolo. Pagkatapos, nalipat sa ama ko ang pagsasaka. Natatandaan ko, kapag pumapanhik kaming magbubukid sa bahay ng aming propitaryo, hindi sa harapan (ng bahay) kami pumapasok kundi sa likuran, doon sa may batalan."

Katularin daw ang nasa itaas ng karanasan ni Torres, ayon pa kay Mangahas: "Pagka may piyesta o handaan sa bahay ng may-ari ng lupa (sinasaka namin), pinapupunta kami sa kanila dahil obligasyon naming magtrabaho roon nang walang kompensasyon. Magsisibak ka ng kahoy, gagawa ng ganito at ganoon. Kung di makarating ang magsasaka, malaking liability niya iyon. At pagdating ng anihan, halos walang natitira sa aming magsasak… magbabayad kami ng mga utang. Kadalasan, hindi ng prinsipal kundi ng tubo (profit) lamang ang nababayaran namin dahil hindi sapat ang aming kaparteng ani sa taong iyon. Panahon iyon ng takalanan—ng talinduwa at takipan—ng usurya. Malaking dahilan ng pagsapi ko sa mga gerilyero ang napakasamang sistema sa lupa sa aming bayan."

Magkakaroon ng matinding impresyon sa kabataan ni Ka Saryo ang ganitong kalagayan. Habang unti-unting nililinang ang umuusbong niyang kakayahan sa sining ng pagsulat bunga ng di-makatkat na impluwensiya ng moro-moro, lumulubha naman ang kalagayan ng mga magbubukid sa ilalim ng matandang sistema ng pagmay-ari ng lupang idinidikta ng kaayusang hatid ng mga pinapanginoong mga Kastila. Kamangmangan pa rin naman ang hatid ng bagong kaayusang dulot ng demokratiko umanong pamamahala ng mga Amerikano pagkaraang ilipat dito ng mga Kastila ang pamamahala sa buhay ng mga Pilipino.

## Maagang Pagkasangkot

Kaya hindi kataka-takang sumangkot si Torres sa maagang gulang sa problemang agraryo ng Gitnang Luzon noong 1941 nang walang abug-abog na pag-alabin ng mga Hapones ang Digmaang Pandaigdig sa Pasipiko. Kasapi na siya noon sa Young Pioneers, pangkabataang bisig ng matatandang

magsasakang sangkot sa usaping agraryo. Sa kaniyang kabataan, naghahatid at nagtatago na siya ng maseselan na impormasyon, at gumamit pa ng armas para mapangalagaan ang kaniyang mga ginagawa sa kilusan. Sa pagdating ng mga bagong kaaway, madali na para sa kaniya ang umangkop sa pakikitunggali.

Ngunit may internal na tunggalian ang mga pangkating gerilya noong panahon ng Hapon. Ayon kay Romeo G. Dizon, naging propesor ng Panitikang Pilipino sa UP, na "habang totoo na ang nagtutulak sa kanila sa ganitong pagkilos ay ang wagas nilang pagmamahal sa bayan, nagkaroon sila ng paghihiwalay sa larangan ng ideolohiya, ayon sa ninanais na kahihinatnan ng kanilang ipinakikipaglaban, at sa uri ng Pilipinas na uusbong sa gitna ng abo ng digmaan."

Malinaw ang sinasabi rito ni Dizon. Ang mga pangkating ibig agad matapos ang digmaan at maibalik ang dating kaayusang magkatuwang ang mga pamahalaang Pilipino at Amerikano sa pamamahala ng bansa ay mga pangkat ng gerilyang tulad ng USAFFE, Hunters, Markings, Andersons, Cagayan, Sulu at Panay. May grupo namang tulad ng HUKBALAHAP (Hukbong Bayan Laban sa Hapon) at mga pangkating gerilya sa bayan-bayan na kontra sa "ayuda ng mga Amerikano" at ang tanging motibasyon sa pakikipaglaban sa mga Hapones ay ang "pagsasarili" ng pamahalaang Pilipino na walang diktasyon ng ano mang dayuhang pamahalaan. Minorya naman ang grupong ibig na umaalinsunod ang pamahalaang Pilipino sa patakaran ng mga Hapones na "Asia for Asians." Ngunit hindi natapos ang hidwaang ito hanggang sa matapos ang digmaan, at nagpatuloy ang pagkakahating ito maging nang aktibong labanan ng bagong kaliwang grupo ang sumunod na mga pamahalaan hanggang sa kasalukuyan.

## Sa Kalunsuran pa Dinakip

Makikita sa pagkakahati ng ideolohiyang batayan ng mga pangkat kaugnay ng problemang agraryo sa Pilipinas ang kilos ni Ka Saryo pagkaraan ng digma. Gaano man ang kaniyang naging papel na ginampanan sa panahon ng pag-iral ng mga Hapones, naging markado siya sa paningin ng awtoridad na maka-Amerikano pagkaraan ng digma, tulad din ng pagsupil ng pamahalaan sa rebelyon ng "Huk" sa mga unang taon pagkaraan ng digmaan.

Nagsikap tapusin ni Torres ang pag-aaral sa hayskul sa kaniyang bayang Cabiao sa Nueva Ecija, ngunit inilagay agad siya ng bagong dispensasyon sa listahan ng mga kailangang dakpin dahil sa pagkakasalang rebelyon. Napilitan siyang lumuwas sa Maynila sa pag-iwas na mabimbin

ng pamunuan ng bayang sunod sa bagong pambansang pamamahala. At ang paghanap niya sa mga dating kasama noong digmaan ang nagtakda ng kaniyang ideolohiya. Sa isang tanggapan sa Kalye Colorado, Maynila, sa likod ng isang kilalang unibersidad, dinakip siya ng MIS (Military Intelligence Services ng Philippine Army) noong Oktubre 18, 1950. Nag-e-edit siya noon ng publikasyong *TITIS* bilang kasama sa Teknikal na Kagawaran sa Pagmumulat ng Kilusang Mapagpalaya ng Bayan (KMB), isang bawal sa batas na organisasyong binabansagan noon na "Politbur."

Dalawang araw lamang siniyasat (hindi pa inusig), nagtiis na si Torres at mga kasamahan niya na mabimbin sa may tig-aanim na metrong bartolina sa New Bilibid Prison, Muntinglupa (Rizal noon, Metro Manila ngayon). Nang mahatulan siya ng hukuman noong Mayo 11, 1951 dahil sa rebelyon (at ibang kaugnay na krimen), kasama siyang binimbin sa mga seldang "pinadidilim" ng makakapal na bato at tabla na tinakpan na ng masinsing steel mating. At sa harap ng mga pagbabawal sa isang bilanggo noon, tinitipon at ikinukubli ni Torres ang ano mang mapagsusulatan tulad ng mga supot ng tinapay na dala ng sino mang dalaw, mga kaha ng sigarilyo, balot ng sabong pampaligo, lebel sa mga pagkaing de lata at mga kalendaryong komersiyal. Itinatago naman niya sa mga buyon o inidoro ng selda, at sa mga kubling bahagi ng tarima (higaang tabla), ang mga lapis o fountain pen kung may malakihang inspeksiyon ang mga guwardiya ng bilangguan at mga trusty police (mga bilanggong pinagkakatiwalaan ng administrador). Sa gayon, napipigil ang bukal ng imahinasyon ni Torres. Lumipas pa ang pitong taon nang "lumuwag" ang mga regulasyon sa Bilibid sa basbas ng Superintende ng penitentiary kaya naisalin niya ang kaniyang mga tula sa malinis na mga pahina ng isang notebook na dala ng kaniyang misis tuwing dadalaw. Kabilang dito ang unang epiko niya, *Ang Gulok*, na sinulatan ng introduksiyon ng manunulat na ito nang "malaya" na siyang nakapagsusulat. Noong 1951 din isinuplong at dinakip ang makatang Amado V. Hernandez sa pagkakasalang rebelyon din, kasama ng iba pang krimen na laban sa pamahalaan. Nagkakausap sina Torres at Hernandez noon—at katunayan, ayon sa kaniya—siya ang unti-unti at patagong nagmakinilya ng sulat-kamay na "Ang Bayang Malaya."

**Pag-alis sa Muntinglupa**

Hindi dapat magkasama ang mga detenidong kriminal at ang mga bilanggong pulitikal. Ngunit dahil sa "kakulangan" ng pamahalaan, nagkasama ang dalawang grupong ito hanggang sa magkaroon ng riot ang mga nahatulang kriminal sa Muntinglupa. Inilipat sina Ka Saryo (mga bilanggong pulitikal) sa Fort McKinley na saklaw ngayon ng Bonifacio Global City. Dito sila pinayagan

na magkaroon ng mga kasangkapan sa pagsusulat. Dito niya nailipat sa maayos na mga papel ang unang nobela niyang *Sierra Madre* na tungkol kay Teodoro Asedillo, isang kilalang lider ng Partido Komunista ng Pilipinas. Sa Fort McKinley din natapos ang "Gulok" na nalathala lamang nang malaya na siya't nakapagtuturo sa PUP. Sabi pa niya nang malathala sa wakas (1988) ang epikong ito:

> "Ang tulang ito ay nasulat sa iba't ibang panig ng brigada at bakuran nitong may lilim na malayu-layo sa ingay at umpukan ng mga bilanggo. Nahabi ito sa isang silyang sadya kong pinalagyan ng bisig (susulatan) na yari sa kahon ng tuyô na nahingi niya sa namamahala ng pagkain ng mga bilanggo. Nasulat ko ito sa gitna ng mga dahon ng regular na papel-makinilyang pinagdalawa sa anyong booklet, na ang ginamit na panulat at pontempen [ay may] tintang magkahalong asul at itim."

Sinasabing malapit sa puso ni Ka Saryo ang epikong ito—isa raw maituturing na tagumpay ng isang makatang naipahayag ang matinding pangarap para sa kaniyang bayan:

> "Ang tulang ito ay isang maikling kasaysayan ng kilusang mapagpalaya ng bayan na nag-ugat nang ang lahi ni Bonifacio ay paghali-haliling sakupin ng mga dayuhang walang pagkabusog... Inawit din dito ang isang lipunang pangarap ng mga Pilipinong ito. Isang lipunang paraiso ng tanang nagpapatulo ng pawis."

May lipon din ng maiikling kuwentong naisulat si Torres, ang *Gerilyero: Mga Kuwento ng Pakikibaka* na may introduksiyon naman ng manunulat at pintor na si Jun Cruz Reyes:

> "Ang mga obrang ito ay maipagkakamaling isinulat ng isang historyador. Testigo siya (Torres) na nakikisangkot sa krisis ng kanyang panahon. Ang pakikitunggali ng mga binuhay niyang tauhan ay isang patuloy na pakikitunggali ng sambayanan. Ang buhay ni Ka Saryo ay katulad ng kanyang binuhay na mga tauhan na hinango sa epiko ng kanyang panahon."

**Paglabas sa Loob ng Anino**

Ganap na labinsiyam na taon at dalawang buwan siyang nabilanggo at lumaya lamang noong Enero 4, 1970. Hindi ko "namalayang" nasa PCC na siya sa panahon ng "pagtatapos" niya ng hayskul na naantala sa "pagkatakas" niya mula sa mga nag-uusig sa kaniyang mga tauhan ng kanilang munisipyo sa Cabiao, Nueva Ecija.

Ngunit paano makapagkokolehiyo ang isang tapos lamang ng pangalawang taon sa hayskul? Sa isang interbyu ni Mangahas kay Torres, ganito ang kaniyang pahayag:

> "Kinausap ko si Dr. Nemesio Prudente na kung puwedeng huwag ko nang tapusin ang hayskul (may halos 40 taong gulang si Ka Cesar noon). Sinabi niyang (si Prudente) kakausapin muna niya ang mga katiwala ng kolehiyo. Nang umuwi ako, naisip kong napakabigat naman ng hinihingi kong pabor kay Dr. Prudente. Kaya ang ginawa ko kinabukasan, nagpunta ako sa Department of Education at kumuha ako ng validating exam!"

Nang makapasa si Torres sa validating exam, nagpunta siya uli kay Dr. Prudente. Tuwang-tuwang sinabi nito sa kaniya: "O, ayan pala, wala ka nang problema." At tuloy-tuloy na siyang nag-aral sa PCC at nagkolehiyo at nagmedyor sa Economics.

Pagkatapos sa PCC, ayaw naman siyang tanggapin sa programang Pilipino sa Graduate School ng UP sa Diliman. Ekonomiks ang tinapos niya sa PCC at nagkataon namang ginagamit ni Prop. Pete Daroy ng UP sa mga klase nito ang mga sinulat niya. Sumulat agad si Prop. Daroy kay Dr. Armando Bonifacio ng UP Graduate School at natanggap naman agad sa Pilipino program si Cesario Torres.


Aalisin sa puwesto bilang presidente ng PCC si Dr. Nemesio Prudente nang ideklara na ang Batas Militar noong 1972. Magpapatuloy naman sa pag-aaral si Cesario Torres sa Graduate School ng UP, at hindi naman nagtagal, kinuha na siyang propesor sa Ekonomiks at sa Wikang Filipino sa PUP na napasimulan na ni Dr. Nemesio Prudente noong 1971-72 sa may dating NARIC Compound sa Sta. Mesa, Maynila. Magbabalik doon si Dr. Prudente sa posisyon niyang presidente ng PUP noong maluklok nang Pangulo ng Pilipinas si Corazon Aquino noong 1987.

**Hindi Lamang mga Dokumento ang Hanguan ng Kasaysayan**

Maaaring mga kuwento lamang ang maraming paglalahad ukol kay Ka Saryo noong kulang-kulang na dalawampung taon siyang nabilanggo dahil sa "makamasa niyang oryentasyon." Ngunit sa taguyod sa paniniwala ng historyador na si Rafael Ileto, awtor ng *Pasyon and Revolution*, na ang masa ang "tagalikha ng kasaysayan", ang mapaghamong ritwal ng mga pagsulat ni Ka Saryo sa kapaligirang sikil ang isip niya at kalooban, ang balidasyon ng kahalagahan ng kaniyang mga nagawa.

Nasa loob siya ng anino sa mga pagsulat niya sa kampong sibilyan at militar, ngunit lumilikha na siya ng kasaysayan noon. Paglabas niya sa bilangguan at pagpasok sa akademya, nahawi ang anino, at sa paglipas ng mga taon at natapos niya ang kaniyang pag-aaral, unti-unting lumahok siya sa maraming gawaing pang-unibersidad at pampanitikan hanggang sa makilala siya sa pagtatamo ng gantimpala sa Surian ng Wikang Pambansa, pagiging opisyal sa mga samahan ng mga makawika at mga manunulat tulad ng Poets, Essayists and Novelists International (PEN-Philippines), Unyon ng mga Manunulat ng Pilipinas (UMPIL), Philippine Writers Academy (PWA), Kapisanan ng mga Propesor sa Filipino sa mga Kolehiyo at Pamantasan (KAPPIL), at kinatawan ng National Commission on Culture and the Arts (NCCA), gayundin ang pagiging matagal niyang pagka-pangulo ng Pandayan ng Literatura ng Pilipinas (PANDAYLIPI), ang opisyal na samahang pangwika sa PUP. Bukod sa paglahok niya sa mga nabanggit na samahan pagkalaya, nakapaglathala rin siya ng kaniyang mga obra sa iba't ibang magasin at pahayagan sa Filipino.

Hindi nga siya gaanong kilala sa mundo ng panitik sa Filipino, ngunit sa sipag niya pagkalabas niya sa kulungan ng mga bilanggong pulitikal, hanggang sa yumao siya, matatandaan ang isang silid sa PUP na pinaglagakan ng mga aklat at ulat tungkol sa mga itinuturo niya, at ibang kasama, sa kanilang mga klase.



**TORRES, CESARIO Y., b.** 1 Nov 1927, Cabiao, Nueva Ecija. Poet. **Occupation:** Educator. Married. **Education:** BS Commerce, Philippine College of Commerce. **Publications:** GULOK (1988, poetry collection); Anthologized in *National Midweek*; *Sining ng Malikhang Pakikipagtalastasan* (1976, college textbook). **Awards and Grants:** Second Prize, Surian ng Wikang Pambansa sa Tula (1975); Writing Fellow, UP Writers Summer Workshop (1976). **Other Activities:** Pangulo, Pandaylipi, Ink.; Director, UMPIL; supervisor, Philippine Writers Academy; Vice-President, Pambansang Samahan ng Pagsasaling-Wika; Director, LEDCO; Member, KAPPIL; Member, UP Writers Club. **Address:** De Castro Subdivision, Paso de Blas, Valenzuela, MM.

**Mga Sanggunian**

Dizon, Romeo G. "Mga Gerilyang Filipino: Literatura Laban sa Hapon." Manuskrito.

Maceda, Teresita Gimenez. "Awit na Kasaysayan, Kasaysayan sa Awit." Kumperensiya sa Panitikan at Kasaysayan, NCCA, Davao City, Enero 30-31, 1998.

Torres, Cesario, *Gerilyero: Mga Kuwento ng Pakikibaka*. Quezon City. New Horizons Research Center and Publications, Inc. 1991.

Torres, Cesario, *Gulok: Isang Makabagong Epiko*. Quezon City. New Horizons Research Center and Publications, Inc. 1998.